

ANG MGA HALIGI PANANAMPALATAYA

Ni
Jaa'far Sheikh Idris

Salin sa Pilipino mula sa Inggles
Ni
Abdullatif Arceo



المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - e-Mail: fil@islamhouse.com

www.islamhouse.com

PAMBUNGAD

Ang mga haligi ng pananampalataya, ang Iman na ibinigay sa maraming talata ng Qur'an at mga salawikain ng Propeta na si Muhammad, sumakanya nawa and kapayapaan, ay ang paniniwala sa Allah, sa mg Anghel, sa Kanyang mga Aklat, sa Kanyang mga Sugo, sa Kabilang Buhay at sa Qadar (Kasasapitan). Ito ay mga pangkaraniwang salita; ngunit ang di-Muslim na mambabasa ay maaaring magkamali kung iniisip niyang ang mga kaisipang pang-Islam na ibinibigay nito ay katulad din ng ibang mga relihion o pilosopya. Dito ay inasahan na ang mga sumusunod na paglalahad, na isinagawa ng ayon sa liwanang ng Qur'an at mga salawikain ng Propeta, ay makagagawa na ang ganitong bagay ay maging maliwanag. Ito ay makagagawa rin na maging maliwanag ang katotohanan ng mga pang-Islam na pananaw ng pananampalataya na sa maraming paraan ya naiiba sa kinikilalang pananaw ng taga-Kanluran. Sa Kanluran, ang pananampalataya ay kalimitang sumasalungat sa katuwiran at karunungan. Subalit, ayon sa Qur'an, ang tunay na pananampalataya ay yaong nababatay sa karunungan na pinatitibayan ng katibayan. Ang anumang paniniwala na walang pinagbabatayan at hindi pinatitibayan ay itinuturing ng Qur'an na isa lamang pagkakagusto at nahinhiling na dapat iwasan ng may pag-iisip na tao. Samakatuwid, ang tunay na pananampalataya ay matatamasa sa pamamagitan ng pagtatanaw at paghahanap ng karunungan at hindi sa bulang at walang katuwirang pakipag-uugnay. Ang tao na nasasandatahan mng gayong maliwanag na pananampalataya ay makpapasok ng may malaking pagtitiwala sa isang maktuwirang pakipagtatalakayan sa mga tao na hindi nakikihati sa kanyang mga paniniwala at may pag-asa na maipakita sa kanila ang kanilang mga pagkakamali at kahinaan at makapagwawagi sa kanila sa katotohanan. Kung aqng ganitong sulatin ay makatutulong sa mambabasa upang humakbang sa gayong panuntunan, ito ay makapagtamasa ng kanyang layunin at ang lahat ng pagpupuri ay nauukol sa Allah.

Allah

Si Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay sinugo upang anyayahan ang mga tao sa Allah at upang ituro sa kanila kung papaano nila maisasagawa ang kanilang tungkulin na siyang dahilan kung bakit sila nalikha, alalaong baga ay upang sumamba sa Kanya. Marami sa mga tao na kanyang pinagpahayagan ay mayroong malabong kaisipan ng Allah. Ang iba ay naniniwala sa kanya, ngunit ang ilan sa kanila ay tuwirang ateista (o di naniniwala na may Allah o materyalista (o mapaghangad lamang sa mga kasiyahang dulot ng mundo) na ang pinanghahawakan ay "kami'y nabubuhay at kami'y mamamatay at tanging Panahon lamang ang makasisira sa amin" (Qur'an 45:24). Bago maanyayahan ang gayong ateista sa Allah ay marapat munang mahikayat siya na mayroon ngang Allah. "Ano ang dahilan ng mayroon ka upang maniniwala na mayroong Allah?" Ito, sa katuwiran ng kaisiapi, ang unang tanong na dapat itanong sa kanyang sarili ng ateista. Ang kasagutan ng Qur'an sa gayong tanong ay ibinigay sa susunod na talata:

"Sila ba'y nilikha mula sa wala? sila ba sa kanilang sarili ay manlilikha? Sila ba ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan?" (Qur'an 52:35-36)

Ang Qur'an ay nagsasaad dito na ang lahat ng mga bagay katulad ng tao ay mayroong simula sa panahon, at mayroon lamang na tatlong bagay upang maipaliwanag kung paano ito nangyari.

- a. Maaaring ito'y nalikha, o nagawa, o lumitaw mula sa wala, alalaong baga, ito ay nagmula sa wala.
- b. O sila ang lumkha sa kanilang sarili.
- c. O mayroon itong Manlilikha, may pinanggalingan, o may gumawa, ng labas sa kanilang sarili.

Ang pangatlong posibilidad ay hindi binanggit sa siniping talata (ng Qur'an) nguni't ito ay nagangahulugan ng gayon sapagkat ang talatang ito ay ipinahayag sa mga taong nagtatakwil ng pagkakaroon ng Manlilikha at ito'y nagsasabi sa kanila na kung wala ang Manlilikha, sa gayon ay dalawa na lamang ang maaari (posibilidad) ng nalalabi. Nguni't ang Qur'an ay hindi naghayag ng mga detalye upang maipakita kung bakit ang unang dalawang paksa ay hindi mapangangatuwiran. Ang kaliwanagan ng pagpapahayag sa kadalasan ang nakahihikayat sa mga tao sa katotohanan o di-katotohanan ng pananalita. Ang kaisipang pagtananaw dito, na higit na pisikal na pagtanaw, ay paniniwala (o pagtatakwil). Ito ay lumabas sa kaso ng ganitong pananalita ng Qur'an sa pamamagitan ng makasaysayang pangyayari. Si Jubayr ibn Mut'iim, na noon ay hindi pa Muslim ay ipinadala ng mga Quraysh na may misyong para sa mga Muslim ng Madinah. Sinabi niya na sa kanyang pagdating doon ay narinig niya and Propeta, na siyang namumuno sa panggabing pagdalangin, ay dumadalit ng Surat al-Tujr, at nang siya'y sumapit na sa talatang sinipi sa itaas, "ang aking puso ay halos madurog." Di nagtagal, pagkaraan noon, si Jubayr ay yumakap sa Islam.

Papaano itong nangyari sa kanya? Sapagkat marahil ang talata ay nakagawa upang maging maliwanag sa kanya ang lahat sa unang pagkakataon. Napag-isip-isip niya na hindi nga maiisip upang ang isang bagay ay lumitaw o nagawa ng mula sa wala, at lalong higit na di maiisip, na ito'y lumitaw mula sa kanyang sarili. Kaya nga't ang tangi lamang magiging pasya ay marapat na ito ay mayroong tagalikha ng labas sa kanyang sarili.

Ang isang pananalita, samakatuwid ay di mapapangatwiran kung ito ay nangangahulugan ng pag tatakwil sa anumang gumawa o pinanggalingan niyon. Datapuwa't, kahit na nga tanggapin na ito ay tunay, maaaring ang tao'y magtaka kung bakit ang pinanggalingan, ang lumikha o gumawa ay ang Allah, na Siya ang dahilang ng paganyaya ni Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan, sa mga tao? Bakit hindi ba nito ay maaaring isa sa mga maraming diyos na siyang pinaniniwalaan ng mga tao o bakit hindi kaya na ito ay mga 'bagay' ng mga matereyalista. Halos ang buong Qur'an ay tumalakay sa ganitong katanungan ngunit gagawin namin ang lahat upang makapagdagdag kami ng maigsing kasagutan na makapagbibigay sa aming mambabasa ng mga batayan ng pang-Qur'an na pananaw. Sa madaling sabi, ang kasagutan ay ang mga sumusunod: upang maipaliwanag ang paglitaw sa pagiging sila ng pansandaliang bagay, ang lumikha (o ang gumawa o pinanggalingan) na siya nating hinahanap, ay marapat (katotohanang marapat) na mayroong katangian ng Allah kung saan tayo ay inaanyayahan ni Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan. Papaano kaya?

Ang Manlilikha ay nararapat na maging iba ang kalikasan sa mga bagay na nilikha sapagkat kung siya ay katulad ng kalikasan ng nilikha, siya ay magiging pansamantala lamang, at samakatuwid, ay mangangailangan siya ng taga-likha (taga-gawa). Dito'y mapagpapasiyahan ng "walang maaaring maitulad sa Kanya." Kung ang taga-likha ay hindi panandalian lamang, sa gayon siya ay nararapat na walang hanggan. Ngunit kung siya ay walang hanggan, ay di maaring malikha, at kung wala ang nagtulak sa kanya upang lumitaw sa pagkalikha, wala sa panlabas niya ang makapangyayari sa kanya upang magpatuloy na mamalagi, na nangangahulugan na siya ay may sariling kasapatan. At kung sya ay di umaasa sa sinupaman upang magpatuloy ang kanyang pamamalagi, sa gayon ang kanyang pamamalagi ay walang katapusan. Samakatuwid ang Manlilikha ay lalagi na at walang hanggan: "Siya ang una at katapusan." (Qur'an 57:3). "Ang lahat na nananahan sa sangkalupaan ay maglalaho, datapuwa't ang Mukha (Kaluwalhatian) ng inyong Panginoon ay mamamalagi, ang Kataas-taasan, ang Tigib ng Biyaya at Karangalan." (Qur'an 55:26-27)

Mayroon dalawang paraan kung paano ang mga pinanggalingan ay nakapagbibigay ng kanilang kalalabasan. Ang Manlilikha na may mga katagian na ating ibinigay sa itaas ay hindi maaaring pangkalikasang dahilan. Sapagkat kung ang mga bagay sa mundong ito ay

nanggagaling mula sa Kanya ng likas at walang patlang, samakatuwid ang mga ito ay katulad ng Kanyang kalikasan. At kung ang lahat tulad ng pangkalikasang dahilan ay nilikha lamang Niya sa ilalim ng ilang tanging dahilan, sa gayon ang kanyang kapangyarihan ay may hangganan. Ito kung gayon ay nagsasaad na Siya ang nakapangyayari (sa Kanyang sarili). Ngunit ang ninanais ay nagbabadya ng karunungan at kapwa nagpapahiwatig ng buhay. Kaya nga't ang taga-likha ay marapat na buhay at maalam sa lahat ng may kaisipang sukdol sa laya. Kay nga't ang Allah ayon sa Qur'an ay gumagawa ng lahat ng bagay ng may pagnanais at may kadahilanan.

“Katotohanan ang lahat ng bagay ay Aming nilikha ng may ganap na sukat.” (Qur'an 54:49)

“Inaakala ba ninyo na nilikha lamang Namin kayo ng walang kadahilanan (at para sa kasiyahan) at kayo ay hindi babalik sa Amin upang magsulit.? (Qur'an 23:115)

“Siya ay tiyakang makapagsasagawa ng Kanyang balang isgawa.” (Qur'an 11:107) “at nakakaalam ng lahat ng galaw ng nilkha.”

“Siya ang naghahawak ng mga susi ng mga nalilihim, sa mga kayamanan na walang nakababatid liban sa Kanya. Talastas Niya ang anumang bagay na nasa kalupaan at karagatan. Walang isa mang dahon ang malalaglag ng di Niya batid, ni ang isang butil sa gitna ng dilim sa kalupaan, maging basa man o tuyo, kundi ay nasa sa isang maliwanag na Talaan. Siya ang nagtitipon (ng inyong kaluluwa) pagsapit ng gabi at batid Niya ang inyong ginawa sa maghapon.” (Qur'an 6:59-60)

Ang Allah ay buhay sa lahat ng ibinabadya ng mga sumusunod:

“Siya ang Allah wala ng ibang diyos liban sa Kanya, ang Buhay, ang Walang Hanggan. Ang antok at idlip ay di makapangyayari sa Kanya. Siya ang nagaangkin ng lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan. Sino kaya baga ang makapapamagitan sa Kanya libang Kanyang pahihintulutan? Talastas Niya kung ano ang nasa harapan nila at kung ano ang nasa likuran nila, at sila'y di maka-aabot ng anumang bagay ng Kanyang karunungan libang Kanyang maibigan Ang Kanyang Luklukan saklaw pasti ang mga Kalangatan at Kalupaan, at ang pagtataguyod doon ay di makapagdudulot ng kapagalan sa Kanya; Siya ang Kataas-taasan, ang Kabanal-banalan.” (Qur'an 2:255)

Ang Allah ay hindi lamang nakagagawa at makapangyarihan, Siya rin ay Makatarungan at hindi nagpaparusa sa isang makasalanan na higit sa kanyang pagkakasala. Siya ay Mahabagin at ang Kanyang habag, sa salita ng Propeta ay “nakapangingibabawan yaong kaparusahan.” Kaya nga't hindi Niya tayo pinarurusahan sa lahat ng anumang pagkakasala natin, kundi nagpapatawad at pinupunas ng ating mga kasalanan at pinag-iibayo Niya at pinararami ang ating mabubuting gawa.

“Ang kahalintulad nila na gumugogol ng kanilang yaman para (sa landas) sa Allah ay katulad ng isang butil ng maiz na nagbunga ng pitong busal at sa bawat busal ay may daan-daang butil. Ang Allah ay nagbibigay ng maraming biyaya sa Kanyang maibigan; ang Allah sa lahat ang Nangangalaga, ang Nakaalam.” (Qur';an 2:261)

Ang mga ito at marami pang iba na maaaring magbigay ng kalalabasan sa magkatulad na paraan, ay ang mga katangian na dapat taglayin ng tunay na Manlilikha. Ang anumang ibang nilalang o bagay na pinananaligan bilang isang diyos o pangunahing pinanggagalingan na wala ng ilan sa mahahalagang katiangian (ng manlilikha) ay hindi maaaring mapaniniwalaan na yaon nga, sa tunay na katotohanan. Kaya nga't pagkatapos na maipakita namin ng maliwanag kung ano ang dapat taglayin ng tutuo na Allah ang Qur'an ay nagpatuloy upang ipakita kung bakit hindi na maaaring magkaroon pa ng ibang Diyos liban sa Kanya, at magtambad ng pagiging huwad ng pinananaligang mga diyos. Sa mga sumasamba sa mga bagay na 'gawa ng tao,' ang Qur'an ay nagturing: “Siya ang Allah ay nagsasabi:

“Sinamba ba ninyo ang mga bagay na nilikok ninyo? Datapuwa’t ang Allah ang lumikha sa inyo at sa anumang ginawa ng inyong kamay!” (Qur’an 37:95-96)

“Nagturing ba kayo sa inyong sarili ng iba pang diyos liban sa Kanya, na hindi makalikha ng anumang bagay, kundi sila ang nilikha? Na hindi makapangalangalaga sa kanila, gayon din naman upang pangalagaan ang kanlang sarili.” Qur’an 7:191-192)

Sumasamba sa mga buntala, ang Qur’an ay nagsasaysay bilang pagpapaala-ala ng istorya ni Abraham.

Nang ang kadiliman ay lumikom sa kanya at siya’y nakakitang bituin, siya ay nagsaysay: “Ito ang aking Panginoon.” Datapuwa’t nang ito’y lumubog, siya ay nagturing: “Di ko ibig ang lumulubog.” Nang makita niya ang buwan na sumisikat, siya ay nagsaysay; “Ito ang aking Panginoon.” Datapuwa’t nang ito’y lumubog, siya ay nagturing: “Kung hindi ako papatnubayan ng aking Panginoon, walang pagsalang ako’y kasama sa bunton ng nangapaligaw.” Nang makita niyang sumisikat na ang araw, siya ay nagsaysay: “Ito ang aking Panginoon: ito ay higit na dakila.” Datapuwa’t nang ito’y lumubog, siya ay nagturing: “O aking pamayanan, tuwirang tinalikuran ko ang itinatambal ninyo (sa Allah). Ibinaling ko ang aking tingin sa Kanya na lumikha ng mga kalangitan at kalukpaan; ako’y isang tao na mayroong dalisay na pagsamba, ako’y di sumasamba sa mga diyos-diyosan.” (Qur’an 6:76-79)

At di nagtagal, nang ang propeta ay nakikipag-ugnayan na sa mga Hudyo at Kristiyano, ang Qur’an ay bumatikos sa pagkakaroon ng maka-Allah na kalikasan ng tao.

“Ang mga Hudyo ay nagsisipagsabi: ‘Ang Mesiyas ay anak ng Allah!’ Ito ang sinasabi ng kanilang mga bibig. Kanilang ginagaya ang mga pinagsasabi ng di mananampalataya ng panahong lumipas. Ang Allah ay makikipagtunggali sa kanila. Paano sila nangapaligaw (at nalayo sa katotohanan)?” (Qur’an 9:30)

Ito ay nagpapahayag sa kanila na kung ang lahat ng bagay ay nilikha ng Allah, kung gayon, ito ay marapat na Kanyang tagapaglingkod at samakatuwid ay hindi Kanyang anak. (Qur’an 19:88-95)

“Katotohanang ang kahalintulad ni Hesus sa paningin ng Allah ay ang tulad ni Adan, Nilikha Niya siya mula sa alabok at Siya’y nagturing sa kanya: ‘Mangyari nga!, at siya’y nalikha.” (Qur’an 3:59)

Para sa sinuman na tumatanggap sa isang bagay bilang diyos, hindi kinakailangan na kanyang kilalanin ito bilang gayon o sambahin ito sa seremonya na paraan; sapat na sa kanya na sundin ang ipinag-uutos nito ng may pagsunod, o mag-alay dito ng mga gawa o magkaroon ng damdamin na marapat na ialay o maramdaman sa Allah lamang. Lubhang marami ng gayong di kinikilalang Diyos.

“Nakikita mo ba siya na nagturing sa kanyang pagnanasa bilang kanyang diyos?” (Qur’an 25:43)

“Itinuring nila na Diyos ang kanilang mga pari at kanilang mga banal bilang mga panginoon bukod pa sa Allah, at sa Mesiyas na anak ni Maria bagama’t sila’y pinag-atasan na sumamba lamang sa lisang Allah.” (Qur’an 9:31)

Kaya nga’t upang maging Muslim – alalaong baga, ay isuko natin ang ating sarili sa Allah – tayo ay kinakailangan na maniwala sa kaisahan ng Allah sa kaisipan na tanging Siya lamang ang lumikha, tagapangalaga at tagapanustos. Subali’t ang ganitong paniniwala – na sa kalaunan ay tinawag na “Tawhid Ar-Rububiyah ay hindi sapat. Sa katotohanan, marami sa mga sumasamba sa diyos-diyosan ang nakakaalam at naniniwala na tanging ang Kataas-taasang Allah lamang ang makagagawa ng lahat ng ito. Datapuwa’t ang mga ito ay di sapat upang sila’y maging Muslim. Sa ‘Tawhid Al-Uluhiyyah,’ alalaong baga, na ang bawat tao ay tumatanggap sa

katotohanan na ang Allah ay iisa at nararapat upang sambahin, at samakatuwid ay kailangan na umiwas tungo sa anupamang gawa ng pagsamba sa ibang katauhan o bagay.

Sa Qur'an ang argumento para sa 'Tawhid Al-Uluhiyyah' ay nababatay sa 'Tawhid Ar-Rububiyah,' alalaong baga, kung ang Allah lamang ang lumikha at nangagalaga ng lahat ng bagay, bakit kaya at sa anong dahilan na ikaw ay sumasamba sa iba pa bukod sa Allah?

"O sangkatauhan! Sambahin ninyo ang inyong Panginoon, na Siyang lumikha sa inyo at sa nanga-una sa inyo, upang mapaglaban ninyo ang tukso. Siya ang nagkaloob sa inyo ng kalupaan bilang inyong tirahan at ng alapaap (kalangitan) bilang inyong limliman; at nagpamalabis ng tubig mula sa alapaap; at nagbigay sa inyo ng bungang kahoy bilang inyong pagkain. At huwag gumawa ng kaagaw sa pagsamba sa Allah, pagkat batid ninyo ang katotohanan." (Qur'n 2:21-22)

Pagkatapos na matamo ang ganitong kaalaman ng tunay na Allah, ang tao ay tinatawagan upang patibayan ang kanyang nalalaman, alalaong baga, ang manalig at magkaroon ng pananampalataya sa Allah, at huwag pabayaang na ang anumang bagay ay makaganyak sa kanya upang pabulaanan ang katotohanan na batid niyang siyang tunay.

"At sa mga pinagkalooban ng karunungan, nawa'y mapag-alaman nila na ito (Qur'an) ang katotohanan mula sa kanilang Panginoon at magsisampalataya roon at ang kanilang puso ay makadama ng kapakumbabaan sa Kanya." (Qur'an 22:54)

"Ngunit nang ang Aming mga Tanda ay matambad sa kanila, makapagpapadilat ng kanilang mga mata, sila ay nagsulit: 'Ito'y maliwanag na salamangka!'

"At itinakwil nila ang mga Tandang yaon ng may kamalian at pagmamayabang, gayong ito'y batid ng kanilang kaluluwa." (Qur'an 27:14)

Kung ang pananampalataya ay pumasok sa puso ng tao, ito ay nagbibigay ng tiyak na kalagayan ng isipan na nagbubunga ng tiyak na pagkilos, at ang dalawang ito ang katibayan ng tunay na pananampalataya.

Ang pinakapangunahin sa gayong kalagayan ng isipan ay yaong damdamin ng pasasalamat (utang na loob) sa Allah, na masasabing siyang pinakabuod ng 'ibadat' (pagsamba at panglingkod sa Allah).

Ang damdamin ng pasasalamat (utang na loob) ay lubhang mahalaga na ang di sumasampalataya ay tinatawag na 'kafir' at nangangahulugan ng 'sinuman na nagtatatwa ng katotohanan' gayon din naman ng 'sinuman na walang utang na loob (pasasalamat).' Ang tao ay makakaunawa kung bakit ito ay ganito kung kanyang mababasa sa Qur'an na ang pinakapangunahing dahilan ng pagtatakwil sa pagkakaroon ng Allah ay di makatarungang kapalaluan. Ang gayong palalong tao ay nakadarama ng siya ay hindi nilikha o marapat na patnugutan ng iba pa na hindi niya kinikilala na higit na mataas sa kanya at dapat niyang pag-ukulan ng pagtanaw ng utang na loob (pasasalamat).

"Sila na nagsisipagtalo sa mga Tanda ng Allah ng walang kapamahalaang iginawad sa kanila, ang laman ng kanilang dibdib ay walang iba kundi kapalaluan na di nila matatamasa." (Qur'an 40:56)

"Nguni't may mga tao na nag-uukol ng kanilang pagsamba sa iba pa bukod sa Allah ng katulad ng pagsamba na ukol lamang sa diyos. Minamahal nila sila (diyos-diyusan) ng katulad ng kanilang pagmamahal sa Allah, nguni't ang mga tunay na mananampalataya ay may nag-uumapaw na pagmamamahal sa Allah." (Qur'an 2:165)

Ang mga mananampalataya ay nagmamahal at tumatanaw ng utang na loob (pasasalamat) sa Allah dahil sa Kanyang mga biyaya, nguni't bilang may kamalayan na ang kanyang

mabubuting gawa, maging pankaisipan o pangkatawan ay hindi makakasapat bilang kabayaran sa mga maka-Allah na biyaya, siya ay lagi ng laan (sa Kanya) sapagkat iniisip niya na dahil sa kanyang mga kasalanan ang Allah ay magkakait sa kanya ng ilan sa ganitong biyaya o magpaparusa sa kanya sa kabilang buhay. Samakatuwid, siya ay may pagkatakot sa Kanya, at nagsusuko ng kanyang sarili sa Kanya, at pinaglilingkuran niya Siya ng buong kapakumbabaan.

”Ang Allah mo ay lisang Allah, kaya’t sa Kanya ka lamang tumalima. At ikaw ay maghatid ng masayang balita sa mga mapagpakumbaba, na kung nababanggit ang Allah, ang kanilang mga puso ay nangangatal.” (Qur’an 22:34-35)

Ang sinuman ay hindi dumating sa gayong kalagayan ng isipan kung siya sa lahat ng sandali ay hindi nag-aalala sa Allah. Ang pag-aalala sa Allah ay siyang buhay na lakas ng pananampalataya na kung wala nito, ito ay kukupas at malalanta ng tuluyan. Kaya nga’t:

.”Ang mga tao ay nagsisipagbunyi sa pagpaparangal sa Allah sa kanilang pagtinding, pagupo, at paghimlay sa kanilang tagiliran.” (Qur’an 3:191)

Samakatuwid, ang Qur’an ay nagpapayo at nagpapahayag, sa maraming detalye at pamamaraan upang matutulungan ang tao na alalahanin ang Allah at mapanatiling buhay ang kanyang pananampalataya. Ang lahat ng pang-Qur’an at pang-Propeta na pag-uutos at pagsamba at pansariling bagay-bagay, panlipunang pakikisalamuha, katiwasayang pulitikal, atbp. – ay isinagawa upang mailagay ang tao sa kalagayan na makapagbubunga ng pag-aalala sa Allah. Ang detalye ng ganitong Islamik na pamamaraan ng buhay ay binigyang kahulugan ng panahong yaon sa Madinah, at samakatuwid ay hindi na tayo dapat maligalig doon sa ngayon. Nguni’t ang pangunahing simulain ng ganitong bagong pag-uutos ay naisakatuparan ng ganap sa panahong yaon ng Makkah, at ating isasabuod sa hulihan ng kabanatang ito.

Atin na ngayong tatalakayin ang iba pang haligi ng pananampalataya. Ito ay ang paniniwala sa buhay pagkatapos ng kamatayan, sa mga anghelng Allah, sa Kanyng kasulatan, sa Kanyang mga Sugo, at sa Qadar (Kasasapitan), ang mga pagtatalo sa lahat ng ito ay halos nababatay sa pagsasaalang-alang na ang mambabasa ay sumasampalataya sa Allah.

ANG KABILANG BUHAY

Ang mga pagtatalo (argumento) sa Qur’an tungo sa pagkakaroon ng iba pang buhay pagkatapos ng kamatayan ay sinadya upang mapatibayan na ito ay maaaring mangyari at ninanais din, na marapat na magkaroon ng gayong buhay, at kung wala ang paniniwala roon, ang ating pananalig sa tunay na Allah ay di magiging lubos.

Marami sa mga tao ang pinagpahayagan ng Propeta sa Makkah ang naniwala – tulad na nang nasabi namin sa unahan – sa kataas-taasang Allah, nguni’t, ang karmaihan sa kanila ay nangag-akala na lubhang di-maaari na ang kanilang patay at nagkahiwa-hiwalay na mga katawan ay muling mabubuhay. Kaya nga’t inalipusta nila at pinagtawanan ang Propeta nang kanyang sabihin ito sa kanila. Ang pang-Qur’an na kasagutan ay nagsasabi na walang katuwiran sa gayong pagkamangha at pang-aalipusta nila sapagkat ang muling pagkabuhay ay hindi lamang makatotohanan kundi ito ay maaaring pangkatawan (pisikal) na katotohanan dahil sa mga sumusunod na katuwiran.

a-Kung ang Allah ang lumikha sa tao noong una, magiging imposible sa Kanya na siya’y muling likhain kung siya’y mamatay? Ang muling pagkabuhay ay mararapat na lalong maging madali kaysa sa unang-una na paglikha.

”Siya ang nagpasimula ng paglikha, at magpapanumbalik doon, at yaon any lubhang magaan sa Kanya.” (Qur’an 30:27)

b-Kung masusi ninyong pag-iisipan, ay mapag-aalaman ninyo na ang pagpapanumbalik ng buhay ng patay ay pangkaraniwang pangyayari ng kalikasan. Ang maniwala sa maaaring (posibilidad) ng muling pagkabuhay ng tao, isang nag-iisip na tao ay hindi kinakailangan na makakita ng tao na muling nabuhay. Sapat ng mamasdan niya na ang ibang patay na katawan (sangkap) ay dumarating sa pagkabuhay.

“At sa Kanyang mga tanda ay ito: Hindi ba ninyo namamasdan ang kalupaan na tigang at tiwangwang, datapuwa’t nang ito’y buhusan Namin ng ulan, ito’y naantig at sumigla sa pagkabuhay. Katotohanang Siya na nagbigay-buhay sa mga patay (tigang) na lupa ay katotohanang ding makapagbibigay-buhay sa mga patay. Katotohanang. Siya ang makapangyarihan sa lahat ng bagay.” (Qur’an 41:39)

“Hindi бага siya’y isa lamang similya na dumaloy? At naging isang kimpal ng laman, at binigyang hugis at hinubog ng Allah, at mula sa kanya’y lumikha Siya ng dalawang kasarian, lalaki at babae? Hindi kaya Siya na gumawa noon ay makapagpapanumbalik ng buhay na patay? (Qur’an 75:37-40)

(ii) Bakit ang pagkabuhay na mag-uli ang ninanais? Sapagkat kung wala nito, ang Allah ay hindi maaaring maging Makatarungan at Maalam at Maawaing Allah. Ang Allah ang lumikha ng sangkatauhan at ginawa Niya silang may kapanagutan sa kanilang mga gawain; ang iba ay umalinsunod sa mabuting asal nguni’t ang iba any sumuway. Kung wala ang darating na kabilang buhay na ang mabubuti ay magagantimpalaan at ang masasama ay mapaparusahan, ay hindi magkakaroon ng katarungan at ang paglikha sa mga tao sa gayong paraan at ang pagsusugo ng mga Propeta sa kanila ay mawawalang saysay. Datapuwa’t ang ganitong uri ng pag-uugali ay hindi inaasahan sa isang kinikilala bilang makatuwiran at makatarungan, ang nag-iisang Sakdal na Manlilikha.

“Inaakala ba ninyo na nilikha Namin kayo ng walang kadahilanan (at sa kasiyahan lamang), at kayo ay hindi babalik sa Amin upang magsulity?” (Qur’an 23:115)

“Katotohanang sa mga matutuwid, ang Hardin ng Kaligayahan ay sasakanila, sa harapan ng kanilang Panginoon. Ituring ba Namin na magkatulad ang mga sumasampalataya sa makasalanang? Ano ang nagpapagulo sa inyo? Paano kayo humahatol?” (Qur’an 68:34-36)

“Hindi Namin nilikha ang mga kalangitan at kalupaan ng walang katuturan. Ito ang napag-aakala ng mga di sumasampalatary.” (Qur’an 38:27)

iii) Ang tunay ba at tanging dahilan sa pagtatakwil sa katotohanan ng buhay pagkatapos ng kamatayan na ipinahayag sa pamamagitan ng mga pagtatalo na pinangangatwiran ng mg nagtatakwil, na kung saan ang Qur’an ay namali? Ayon sa Qur’an hindi ito ang nilalayan. Ang tunay na dahilan ay kadalasan na isang pangsikolohikal (pangkaisipan). Ang mga gumagawa ng kasamaan ay hindi ibig na sila’y maparusahan at ang ganitong pagnanais ang naghatid sa kanila upang itakwil ang katotohanan ng panahong darating, na ang gayong kaparusahan ay matutupad.

“Napag-aakala ba ng tao na hindi Namin mapagpapanumbalik ang kanyang mga buto? Katotohanang magagawa Namin na maikabit muli (ng maayos) ang dulo ng kanyang mga daliri. Nguni’t ang tao ay nagnanais na ipagpatuloy and kanyang kasamaan (kahit na)sa panahong darating. Siya’y nagtatanong: Kailan бага kaya ang Araw ng Muling Pagkabuhay? (Qur’an 75:3-6)

“At walang sinuman ang makapagtatakwil doon (sa Araw ng Paghuhukom) maliban sa nagmamalabis ng tuwiran, ang makasalanang!” (Qur’an, 83:12)

Ang katanungan na malimit na naitatanong tungkol sa gantimpala at kaparusahan sa kabilang buhay na nagiging dahilan upang ang ibang tao ay magkaroon ng pagdududa sa paghahangad (kung di man katotohanan) ng gayong buhay, ‘kami ba’y gumagawa kung ano ang mabuti

sapagkat ito ay mabuti o dahilan sa pangangamba sa kaparushan o sa paghahangad ng gantimpala? Kung ito ay ginagawa namin dahil sa unang dahilan, kung gayon, ano ang sagsay upang maniwala sa kabilang buhay, at kung ginagawa namin ito dahil sa pangalawang dahilan, kung gayon kami ay hindi gumagawa ng ayon sa pagiging aral (moral). Ang kasagutan sa ganitong katanungan ay nasasalig kung ang Allah ay nag-uutos sa atin upang gumawa ng gayon sapagkat yaon ay mabuti, o di kaya'y sapagkat ang maka-Allah na pag-uutos ang gumagawa upang ang paggawa ay maging mabuti. At para sa akin, ng may higit na kaliwanagan, na ang kabutihan ay isang pagkilos at katotohanang nauna na bilang isang bagay ng maka-Allah na pag-uutos. Kung hindi, ito ay sukdol at ganap na sabihing 'ang Allah ay nagnanais kung ano ang mabuti' sapagkat ito ay mangangahulugan na ang Allah ay nagnanais lamang sa kung ano ang Kanyang naisin. Datapuwa't ang Qur'an ay sagana sa mga pananalitang katulad ng sa una, at lubhang maliwanag na ito ay di ninanais upang magiging paulit-ulit.

Kung gayon, ang kasagutan sa ating naunang katanungan ay tayo'y gumagawa ng mabuti sapagkat yaon ay mabuti. Subali't dahil sa ang pagbibigay ng kabutihan para sa kabutihan ay kabutihan, walang pagkakahidwa sa pagsasabi na ang tao ay gumagawa ng kabutihan sapagkat ang Allah na kanyang iniibig na pinaglalagakan niya ng kanyang pagtiwala ay nag-uutos sa kanya upang gawin yaon, at sapagkat siya ay humahangad na siya'ay gaggantimpalaan Niya sa paggawa noon.

Ayon sa Qur'an, ang Allah ang lumikha sa tao ng may unang-una na katauhan, yaong tinatawag na 'fitra' – na maaari nating tawagin na nagtataglay ng aral sa pangka-isipan na nakapangyayari sa tao upang makilala niya ang mga piling gawa ng walang panlabas na tulong tulad ng pagsasabi ng katotohanan at bilang mabuti ang pasasalamat (o pagtanaw ng utang na loob), at dahilan doon siya ay nahihilig na gumawa ng mabuti sa sandaling mapag-alaman niya iyon. Ang tunay na relihiyon ay naitatag ng batay sa ganitong unang-una na katauhan ng tao. Ang relihiyon ay nagpapalakas sa katauhan at napapamunga nito ang mga butil ng pag-uugali na nananahan doon. Ito ang dahilan kung bakit ang Islam ay tinatawag na Qur'an na 'fitra-Allah' at kung bakit sinabi ng Propetra na siya'y isinugo lamang upang paghusayin ng ganap ang mabuting pag-uugali. Ang Qur'an ay pumupuri sa mga taong may malinis na aral (moral) na kaisipan at nagtatakwil sa mga taong walang moral na kaisipan na ang kapangitan ng bisyo para sa kanilang mga mata ay huwaran ng kagandahan:

“Datapuwa't ang Allah ay nagtanim ng pagmamahal sa inyo upang kayo'y manalig, at ginawa Niya yaon na maganda sa inyong puso, at ginawa Niya ang di pananalig at kasamaan at pagsuway ay inyong kasusuklaman. Katotohanan sila ay tumatahak sa matuwid, sa pamamagitan ng biyaya at patnubay ng Allah. Ang Allah ang Nakakaalam, ang Maalam.” (Qur'an 49:7-8)

Sabihin: “Ipahahayag ba Namin sa inyo kung sino ang higit na talunan dahilan sa kanilang mga gawa?

“Sila yaong ang pagsisikap ay naaaksaya lamang sa buhay na ito, gayon man ay napag-aakala nila na sila'y makapagkakamiit ng mabuti sa pamamagitan ng kanilang mga gawa?” (Qur'an 18:103-104)

“At nang siya'y tumalikod sa iyo (Muhammad), ang kanyang layon sa kalupaan ay magkalat ng kasamaan, at kanyang sirain ang pananim at bakahan. Ang Allah ay di umiibig sa paaggawa ng kasamaan.” (Qur'an 2:205)

Kaya nga't ang Muslim ay gumagawa ng mabuti sapagkat siya ay nagmamahal doon, at tumatalikdan sa mga bisyo sapagkat ito ay nakasusuklam sa kanya. Nguni't sapagkat ang Muslim ay pagsusuko ng kanyang sarili sa Allah at nagmamahal at may takot sa Kanya at sapagkat ang Allah ay umiibig sa kabutihang asal at nagnanais niyaon, ang Muslim ay

gumagawa roon sa una at umiiwas sa huli bilang pagsunod sa kanyang Panginoon. At sapagkat ang gumagawa ng mga kabutihan ay mamumuhay ng maligayang buhay sa kabilang buhay, ang pinakamataas na uri nito ay may kalagayan ng pagiging malapit sa Allah at natatamasa ng kasiyahan ng Kanyang paningin, habang ang mga nagsitahak sa masamang pamumuhay ay magdurusa ng lahat ng uri ng kaparushan na ang pinakamasakit noon ay nang kalagayan ng malayo sa paninging yaon, ang Muslim ay mamamalagi na maging matalino, at nasa kanyang isipan na ng kanyang makamit ang ganoong kinabukasan ng walang hanggang buhay at siya'ay magnais na magawa sa mundong ito ang lahat ng uri ng paggawa na makatutulong sa kanya upang maitaas ang kanyang kalagayan doon.

Ipagbadya: “Mayroon kaya baga sa mga itininatambal ninyo sa Allah ang maqkapamamatnubay tungo sa katotohanan?”

Ipagbadya: “Tanging ang Allah lamang ang makapamamatnubay. Kung magkagayon, siya ba na nakapamamatnubay sa katotohanan ay higit na marapat na sundin o siya kaya na hindi makapamamatnubay malibang siya'y patnubayan? Ano ang nagpapagulo sa inyo? Paano kayo hmahatol?” (Qur'an 10:35)

Ipagbadya, (O Muhammad sa sangkatauhan): “Kung minamahal ninyo ang Allah, ako'y inyong sundin; ang Allah ay magmamahal sa inyo at magpapatawad ng inyong mga kasalanan. Ang Allah ay Mapagpatawad, Maawain.” (Qur'an 3:31)

“Katotohanang ang mga Matutuwid ay nasa sukdol ng kaligayahan, sa mga luklukan ng karangalan at nakakamalas (sa lahat ng bagay). Sa kanilang mukha ay inyong mapapansin ang nagliliwanag ng kaluwalhatian. Maiibsan ang kanilang pagkauhaw ng dalisay na alak na natatakpan pa ang lalagyan, na ang takip niyon ay musko. Kung magkayon, hayaang ang nagsisikap ay magsikap sa kanilang kaligayahahan!” Qur'an 83:22-26)

Maaari nating maitanong: “Bakit kaya marapat na ang gumawa ng kabutihan ay mamuhay sa gayong sukdol na kaligayahan?” Ang maagap na kasagutan ng Qur'an doon ay ito:

“Ang kabayaran baga ng kabutihan ay iba maliban sa kabutihan?” (Qur'an 55:60)

ANG MGA ANGHEL

Ang mga ito ay nilalang ng may naiibang kalikasan sa tao. Kung ang tao ay nilikha mula sa lupa, sila ay nilikha mula sa liwanag. At dahil doon, ang mga tao – maliban sa mga Propeta – ay hindi nakakikita sa kanilang unang-una na anyo, nguni't sila ay maaaring makita kung sila ay pisikal na magbabagong anyo. Samakatuwid, ang ating kaalaman sa kanila ay halos ganoon na nababatay lamang sa kung ano ang ating marinig sa Allah at sa Kanyang mga Propeta. Nguni't bakit tayo ay nararapat na mabahala upang mapag-aalaman kung ano nga sila? Sapagkat sila ay gumaganap ng mahahalagang papel sa pamamatnubay ng ating pamumuhay. Ang mapag-alamn sila ay masasabi marahil na kapaki-pakinabang sa atin tulad din naman sa paraan na ang karunungan ay upang mapag-alaman ang mga likas na kadahilanan o pag-uugali ng mga tao ay kapaki-pakinabang.

Ipinaalam sa ating na ang hindi mabilang na ganitong mga nilalang na tunay namang makapangyarihan ay nilikha sa paraan na sila'y lagi ng sumusunod at hindi kailanman sumusuway naglilingkod at hindi kailanman nakakaranas ng kapanguran sa paglilingkod sa Panginoon.” (Qur'an 21:19, 66:6)

Datapuwa't, bagama't sila'y mayroon ng mga ito, bilang isang nilalang, na may mababang antas kaysa sa tao, at ito ay pinatutunayan ng katotohanan na nang si Adan ay likhain, sila ay inatasan na yumukod sa harap niya bilang isang tanda ng pagbati at paggalang.

Naririto ang ilan sa kanilang ginagampanan na may kinlaman sa mga tao.

Ang kanilang pangunahing tungkulin, na siyang pinagkunan ng kanilang pangalan, ay maiparating ang mga mensahe (kapahayagan) ng Allah sa Kanyang piling mga propeta. Ang ganitong malaking karangalan ay tanging ipinagtagubilin lamang sa kanilang pinunong si Anghel Gabriel (o Jibril sa wikang Arabik).

“Katotohanang ito ang salita ng karangal-rangal na tagapagbalilita (Gabriel), na ginawaran ng kapangyarihan, na binigyang ganap ng Panginoon ng Luklukan, na may kapamahalaan (sa kalangitan) at mapagkakatiwalaan.” (Qur’an 81:19-21)

Ang mensahe na dala ng nilalang na may gayong kalikasan ay tiyak na makararating sa patutunguhan ng ganap.

“Sila ay sumusubaybay at nagmamatyag sa ating lahat. Sila ang nag-iingat ng tala ng ating mabubuti at masasamang gawa, at kailanman ay walang isang salita na ating mabangit ang makaliligtas sa kanila na di maitatala maging yaon man ay ukol o laban sa atin.” (Qur’an 50:17-18)

“Sila ay bahagi ng pagganap sa pagkakaroon at pangyayari na matatawag nating na mga kalikasang pangyayari, katulad ng hangin at ulan at kamatayan.” (Qur’an 79:1-5)

At sa kanila ay nakaatang ang tungkulin upang tulungan ang mga mananampalataya hanggang sa kanilang pakipaglaban sa panahon ng digmaan (Qur’an 3:124) at upang sila’y mapangalagaan (Qur’an 13:11) at ang pag-uukol ng panalangin sa kanila.(Qur’an 40:7)

MGA AKLAT

Ang Muslim ay naniniwla na ang Qur’an ay siyang salita ng Allah. Datapuwa’t hindi ito lamang ang salita. Ang Allah ay nagsugo ng maraming Propeta bago pa kay Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan, at Siya ay nakipag-usap sa kanila katulad naman ng pagkausap sa kanya. Kaya nga’t ang Muslim ay naniniwala din sa mga naunang kasulatan (sa katotohanan, siya ay di magiging Muslim kung wala ang paniniwalang yaon), tulad ng Torah (Mga Batas), Zabur (Salmo ni David) at Injil (Evanghelyo), sapagkat ang tunay na mananampalataya ay yaong: “Nananampalataya sa anumang bagay na ipinahayag sa kanya (Muhammad) at sa anumang bagay na ipinahayag bago pa siya.” (Qur’an 2:4).

Sabihin: “Kami ay sumasampalataya sa Allah at sa anumang bagay na ipinahayag sa amin, at sa mga bagay na ipinahayag kay Abraham at Ismael at Isaac at Hakob at sa kanyang mga lahi, at sa anumang bagay na ipinahayag kay Moises at Hesus at sa mga bagay na ipinahayag sa lahat ng mga propeta mula sa kanilang Panginoon. Kami ay hindi nagtatadhana sa kanila (mga propeta) ng pagtatangi-tangi at sa Kanya lamang kami tumatalima.” (Qur’an 2:136).

Ang Allah ay lumikha ng mga tao upang sambahin Siya. Siya bilang tagapaglingkod ng Allah ay nagtataglay ng katuturan ng tao. Kung gayon, ang tao ay hindi makapagtatamo ng kanyang ganap na pagkatao at makapagkakamit ng kapayapaan ng isipan maliban kanyang mapag-aalaman ang ganitong layunin kung bakit siya ay nilikha. Nguni’t paano natin maisasagawa ito? Ang Allah bilang Maawain at Makatarungan ay tumutulong sa kanya sa maraming paraan. Katulad ng mga nabanggit natin sa una, Siya ay naggawad sa tao ng tunay na kabutihang likas na humahantong upang kanyang mapag-alaman at magpaglingkuran ang tunay na Panginoon. Siya ay naggawad sa kanya ng isipan na nagtataglay ng aral na pag-iisip at ang kakayahan upang makapangatwiran. Nilikha Niya ang sandaigdigang bilang isang likas na aklat na punung-puno sa mga tanda ng naghahantong sa isang nakauunwang tao sa kanyang Panginoong (Allah). At upang higit na maliwanag ang mga bagay, na siya’y higit na mabigyan ng maraming kaalaman tungkol sa kanyang Panginoon, at upang maipakita sa kanya ang maraming paraan kung papaano niya Siya mapaglilingkuran, ang Allah ay nagpaparating ng Kanyang mga pahayag (mensahe) sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta na pinili sa mga tao, sapul pa

sa simula ng pagkalikha ng tao. Kaya nga't ang ganitong mga mensahe ay inilalarawan sa Qur'an bilang patnubay, liwanag, mga tanda, mga paala-ala, atbp.

Ang lahat ng mga Aklat (Kasulatan) na ito ay pangunahing nagbabadya ng magkakatulad na mensahe:

“At hindi kailanman Kami ay nagsugo ng isang Tagapagbalita sa inyo na wala ang pahayag na Aming ipinarating sa kanya na nagsasabi: ‘Wala ng diyos liban sa Akin, kaya't paglingkuran Ako.’” (Qur'an 21:25)

At ang relihiyon ng kanilang (propeta) ipinagbabadya ng mainam ay Islam, alalaong baga, ang pagsuko sa Allah.

“Ang tunay na relihiyon sa Allah ay Islam (ang pagsuko at pagtalima).” (Qur'an 3:19)
Kaya nga't si Noe (Qur'an 2:133), ang mga Apostoles (Qur'an 5:3), atbp. Ay mga Muslim na lahat.

Ang Islam sa ganitong kaisipan ay katotohanan ay siyang relihiyon ng sandaigdigan.

“Kayo baga'y naghahanap ng daan na iba sa Daan ng Allah; kahima't ang lahat ng bagay sa langit at lupa ay tumatalima sa Kanya, ng bukal sa kalooban at di bukal sa kalooban, at sa Kanya sila'y muling magbabalik.” (Qur'an 3:83)

Kung ang relihiyon ng lahat ng mga propeta ay magkakatulad sa nilalaman at pangunahing pundasyon, ito ay hindi naaangkop sa mga pamamaraan ng buhay batay doon. (Qur'an 5:48)
Isa sa huling mahalagang puntos tungkol sa mga aklat (kasulatan) maliban sa Qur'an, ang lahat ng mga ito ay hindi napanatili ng maaayos at walang sira, kundi ito ay ganap na nawala o nagtamasa ng pagbabago at kamalian. Nguni't tungkol sa Qur'an, ang Allah ay nag-utos na ito kailanman ay hindi maaaring magtamasa ng gayong pagbabago o kamalian kundi ito ay nasa Kanyang pag-iingat. (Qur'an 15:9)

MGA TAGAPAGBALITA

Ang mga tagapagbalita (sugo) ay mga taong nilalang na pinili ng Allah na may anging karangalan upang maipaabot ang pahayag ng Allah sa ibang tao, lalaki o babae. Bilang isang Tagapagbalita, ito ay hindi isang puwesto na maaaring matamo ng isang tao sa pamamagitan ng anumang binalak na matamang pagsisikap. Ito ay biyaya mula sa Allah nguni't ang Allah ay naggawad ng ganitong biyaya sa mga karapat-dapat lamang. Ang mga tagapagbalita, hindi kung gayon, na tulad natin na nasa bunton ng pangkalahatang lipon. Tunay nga na sila ay tao, nguni't sila ay mga tao na may lubhang mataas na aral, pang-kaluluwa at pang-kaisipang pamantayan na nagiging karapt-dapat sa mata ng Allah upang sila'y maging tagapagdala ng Kanyang liwanag sa sanlibutan. Kung ang Allah ay pumili sa isa sa kanila, ang tagapagbalita ay pinapatnubayan Niya ng isang maliwanag na 'tanda'. (Qur'an 57:25) na nagpapatunay sa katotohanan ng kanyang ipinamamalita, at napagkikilala siya sa gitna ng huwad na propeta, manggagaway (manlalanse sa pamamagitan ng itim na kapangyarihan), at manghuhula (Qur'an 64:41, 20:69) Sinuman sa kanila ay hindi nagtatakwil sa mensahe o nagiging sahol bilang isang huwaran sa pagsasagawa ng kanyang ipinangangaral. (Qur'an 11:88)

At maitatanong kung ano ang pag-uugali ni Muhammad; ang kanyang asawang si Ayesha ay nagwika: “Ang kanyang pag-uugali ay Qur'an,” na nagpapakahulugan na kanyang isinasakatuparan ang lahat ng ulirang pag-uugali na napapalaman sa Qur'an.

Dalawang magkakaugnay na puntos tungkol sa mga tagapagbalita ang binigyang diin ng Qur'an, at samakatuwid ay nararapat na bigyang kaliwanagan. Ito ay ng pagiging tao ng mga propeta at ang uri ng kanilang tungkulin.

Bagama't ang mga propeta ay may malawak na agwat sa puntong aral ispiritwal at pangkaisipan sa mga pangkaraniwang tao, at bagama't sila'y nagtatamasa ng natatanging kaugnayan sa Allah, ang mga propeta ay hindi hihigit pa sa pagiging tao sa lahat ng ibinabadya ng salitang ito. Sila ay ipinanganak at sila ay nagkaanak; sila ay kumakain at umiinom at nagsisitungo sa mga lugar ng pamilihan (Qur'an 25:20), sila'y natutulog at namamatay (Qur'an 21:34); sila ay nakalilimot at nagkakamali (Qur'an 20:121; 18:24).

Ang kanilang karunungan ay may hanggan at samakatuwid ay nakapagsasabi lamang ng mga bahagi ng mga darating na pangyayari na ipinahayag ng Allah sa kanila (Qur'an 72:26-27). Sila ay hindi makapamamagitan sa Allah para sa kapakanan ng ibang wala ng Kanyang pahintulot (Qur'an 72:26-27), at wala sa kanila ang kaangkinan upang ang tao ay maituwid sa tamang landas (Qur'an 28:56). Sa madaling sabi, sila ay walang bahaging ginagampanan sa pagpapatakbo ng mga pangyayari sa sanlibutan (Qur'an 3:128). Maraming mga pantas na Muslim ang nakamatyag na upang bigyang diin ang pagiging tao ng Propeta, ang Qur'an ay nagtaguri sa kanya bilang 'tagapaglingkod ng Allah,' sa tatlong panyayari kung saan siya ay pinarangalan.

"Luwalhatiin Siya na nagpahayag sa Kanyang tagapaglingkod ng Pamantayan (ng tumpak at mali), upang siya'y makapagpaala-ala sa sangkatauhan." (Qur'an 25:1)

"Purihin Siya na nagdala sa Kanyang tagapaglingkod na naglalakbay sa gabi mula sa Sagradong Dalanginan (Makkah) patungo sa malayong Dalanginan (Herusalem), na ang kapaligiran doon ay Aming biniyayaan, upang maipakita sa kanya ang ilan sa Aming mga 'tanda'; Siya ang Allah na Nakaririnig, ang Nakamamasid." (Qur'an 17:1)

"At sa sandaling ang tagapaglingkod ng Allah ay nakatindig sa pananalangin sa Kanya, sila ay nagsisiksikan upang paligiran siya." (Qur'an 72:19)

Ang isang Propeta na ang pagiging tao ay lubhang binibigyang diin ay si Hesus. Siya ay nilikha sa magkatulad na paraan kung paano nilikha si Adan mula sa alabok (Qur'an 3:59); siya ay anak ni Maria at hindi ng Allah (Qur'an 4:157); siya ay tunay na 'salita' ng Allah (Qur'an 3:57), datapuwa't, sapagkat siya ay isang taong nilalang sa gayong kahulugan ng salita, ito ay hindi marapat na ipakahulugan upang ipahiwatig na siya ay mayroong maka-Allah na taglay (katangian). Siya ay isang 'salita' ng Allah lamang sa kaisipan na ang Allah ay nagwika ng: "Mangyari nga!", at siya'y nalikha. Sa ganitong kaisipan, ang lahat ay 'salita' ng Allah. Bakit kung gayong siya ay namumukod upang tawaging salita ng Allah? Sapagkat siya, kagaya na nga sa matuwid na pagpapaliwanag ng mga pantas (iskolar), siya ay tuwirang lumabas bunga ng ganitong 'salita'. Samakatuwid, si Hesus ay matapat na tagapaglingkod ng Allah na hindi kailanman nag-angkin na siya sa anupamang kaparaanan ay may katangian na pagka-Allah. (Qur'an 5:116-117).

Ang mga tagapagbalita ay pinaglagakan at pinagtagubilinan, kagaya na nga ng ating nabanggit, ng isang tungkulin upan maiparating ang salita ng Allah sa mga iba pang mga tao. Nguni't ito ay hindi ganito kapayak kung ating titingnan. Ito ay nagpapahiwatig ng maraming mga bagay na sa unang tingin pa lamang ay maliwanag, at dahil doon ang Qur'an ay nagpapaliwanag at tuwirang nagsasabi.

Ang pinakamahalagang bagay kung saan ang lahat ng Tagapagbalita ay pinaalalahanan, at siyang pinakamadaling makalimutan o kaya'y di pakinggan ng mainam, at sapagkat ang kanilang tungkulin ay upang maiparating lamang ang mensahe, sila ay walang pananagutan sa magiging pagtanggap ng tao roon, sa sandaling naipaliwaang nila ito sa kanila. Ang Allah ay nabibigay sa tao ng kapangyarihan upang makaunawa ng pagkakaiba ng katotohanan launglano na sa bagay ng pananampalataya, sa sandaling ito ay maipaliwanag sa kanya. Ang Allah ay naggawad din sa tao ng kakayahan, sa katwiran ng kanyang malayang kaisipan, na tumanggap o magtakwil sa katotohanan. At sapagkat tanging ang Allah lamang ang

nakakaalam kung ano ang nagaganap sa isipan ng tao. Siya lamang ang maaaring humatol kung sino ang karapat-dapat na mapatnubyan at kung sino ang nakalaan upang talikdan na nangangapa sa kadiliman; at ang Allah, ayon sa ganitong kaalaman ay namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan. Ang Propeta ay wala ng ganoong kapangyarihan, at samakatuwid ay hindi siya makapamatnubay sa mga mahal niya sa buhay. (Qur'an 28:56)

“Iyong pagtagubilinan sila sapagkat ikaw ang tagapagpaala-ala sa kanila. Ikaw ay hindi tagapagtangkilik ng kanilang pamumuhay.” (Qur'an 88:21-22)

Samakatuwid, siya ay hindi marapat na makadama ng kalungkutan kung ang mga tao ay magsilayo sa kanya, o magpataw sa pagiging huwad ng kanyang mensahe (Qur'an 6:33-34) Subali't ito ay pinakamahirap na tuntunin na dapat harapin. Ninanais natin na tayo ay tanggapin ng pamayanan kung saan tayo ay naninirarhan; marami sa atin ang maaaring nakaranas na ng ganitong naiibang damdamin ng kalungkutan, pagkalumbay, at wari bang nawawala kung tayo ay dumating upang mamuhay bilang banyaga sa bagong pamayanan. Tayo ay nakakaranas ng magkatulad nguni't higit na marubdob na damdamin, kung dahilan sa bunga ng ating pangkaisipang paninindigan, tayo ay sumapit upang pananganan ang ating mga pananaw sa buhay na ganap na naiiba roon sa ating sariling pamayanan. Ang isang madali at pangkaraniwang paraan ng pagtakas sa pangsikolohikal (pangkaisipan) at iba pang mahirap na pagdaranas sa gayong buhay ay nang mamuhay ng bukod sa gayong pamayanan. Ang mga iba, gawa ng ibang kadahilanan ay hindi makagawa ng gayong pagtiwalag, na sa kalimitan kaysa hindi, ay mag-ialay ng katapatang pangkaisipan upang maangkop lamang sa kanilang pamayanan. Ang mga propeta, di nga kasi, ay kinakailangan na mamuhay sa gitna ng mga tao kung saan siya ay isinugo at sila ay hindi maaaring lumagpas sa hangganan na kanilang ipagkaluno ang kanilang mensahe. Ang mamalagi sa mahigpit na panghahawak sa salita ng Allah, at tangi pa roon ay mamuhay sa gitna ng mga tao, ayisa marahil na pinakamatinding balakid na kanilang dapat na salungain (paglabanan). Ito ay pinatutunayan ng katotohanan na sa ilang mga pangyayari kung saan ang Qur'an ay nagpapahayag ng di pagsang-ayon ng Allah sa isang tanging linya ng pag-uugali na isinsagawa ng Propeta na si Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay nauugnay sa kanyang lubhang marubdob na pagnanais na makapagwagi ng mga kapanalig hanggang sa sumapit sa hangganan na siya'y lumagpas sa hinihingi ng kasiya-siyang katakdaan.

“At kung magkagayon, na sila'y hindi manampalataya sa ganitong balita (relihiyon), ikaw (O Muhammad) ay nagbibigay siphayo sa iyong sarili, at sinusundan mo sila ng may kalungkutan.” (Qur'an 18:6)

“Katotohanan sila'y nagsisikap na ikaw ay akitin upang lumihis ka sa mga bagay na ipinahayag Namin sa iyo, at ikaw'y maggawa-gawa ng mga salita na laban sa Amin. Kung magkagayon, ikaw'y tatanggapin nila bilang kaibigan.

At kung ikaw ay hindi Namin biniyayaan ng katatagan, katotohanang ikaw'y malapit ng abulid sa kanila.

Katotohanan kung Aming ninais na iyong matikman ang dalawang bahagi ng kaparusahan sa buhay na iuto, at dalawang bahagi ng kaparusahan sa kamatayan, sa gayon ikaw'y di makasusumpong ng iyong kapanalig laban sa Amin.” (Qur'an 17:73-75)

QADAR (KAHIHINATNAN)

Ang unang-una na kahulugan ng salitang Qadar ay isang tanging sukat o dami maging yaon man ay sa bilang o uri. Ito ay marami pang gamit na nagsasanga mula sa ganitong kahulugan. Samakatuwid, ang 'yuqadir', ay nangangahulugan, sa gitna ng iba pang bagay, upang sumukat

o tumiyak ng dami o bilang, katangian o uri, kalagayan, atbp. ng isang bagay bago mo aktuwal na gawin yaon. At ang huling kaisipang ito ang siyang nakaganyak sa atin dito.

“Katotohanan Aming nilikha ang lahat ng bagay na may hustong sukat (at katampatan).” (Qur’an 54:49)

Talastas Niya bago Niya likhain yaon, na lilikhain Niya ito at magkakaroon ng gayong laki, katangian o kalikasan at itinakda na rin ang oras ng kanyang pagdating bilang lalang at ang pagpanaw nito at ang lugar ng pangyayarihan. Kung gayon, ang isang nananampalataya sa isang tunay na Allah ay marapat na manalig na walang di-inaasahan sa kalikasan. Kung mayroong bagay na di kanais-nais and sumapit sa kanya, marapat niyang sasabihin: “Ang Allah ang nagtakda nito at ginawa Niya ang Kanyang nais. ”At hindi upang sayangin niya ang kanyang sariling panahon sa pagbubulay-bulay (pag-iisip) na ito ay hindi naganap, o ang mag-alala kung bakit ito ay nangyari. Sa kabilang dako, kung anumang bagay na kanais-nais ang sumapit sa kanya, hindi niya dapat na ipangalandakan (ipagmalaki) ito, kundi siya ay marapat na magpasalamant sa Allah.

“Walang masamang pangyayari ang maaaring sumapit sa mundo o sa inyong sarili, kundi ito ay nasa isang Talaan bago pa Namin ginanap yaon. Katotohanang yaon ay madali sa Allah. Na kayo ay huwag malumbay sa mga bagay na masamang dumating sa inyo, gayon din naman ay huwag magmataas ng may kayabangan sa mga mabuting bagay na ipinagkaloob sa inyo. Ang Allah ay di nagmamahal sa sinunman na mapagmalaki at mayabang.” (Qur’an 57:22-23)

Kung ang Allah ay ‘yuqad-dir’ (nagtatakda at nakatatalos ng kasasapitan o kahihinatnan) ng lahat ng bagay, dito’y kasama rin ang ating malayang paggawa. Kung gayon nga, sa anong paraan na ito’y masasabing malaya at ano ang pananagutan natin doon? Ang ganitong katanugan ang siyang dahilan ng pagdatal, sa mga unang-unang kasaysayan ng Islam, ng dalawang magkaibayong pang-Allah na sekta. Ang isa sa mga ito, ang ‘Qadariya’ ay tumiyak sa malayang pagnanais at kapananagutan ng tao hanggang sa dumating sa pagtatatwa sa kaalaman ng Allah na nagkababatid ng lahat bago pa dumating ang anumang bagay, at nagpamarali na ang Allah ay nakababatid lamang ng ating malayang kilos ng paggawa pagkaraan nating maisagawa yaon. Ang isa pa nito, ang ‘Jabriyya’, ay gumawa ng salungat dito at nag-aangkin na walang pagkakaiba sa pagitan ng mga galaw ng walang buhay na mga bagay at ating mga kilos sa pagsasagawa ng tinatwag na malayang pagkilos, at kung tayo’y nagsasalita lamang ng may patalinhaga.

Datapuwa’t hindi na kailangan na tayo’y sumapit sa gayong magkaibayong pananaw, sapagkat hindi mahirap na mapagkasundo ang maka-Allah na ‘Qadar’ at pananagutan ng tao. Ang Allah ay nagpasya na lumikha ng tao bilang isang malayang tagapagpahayag (sugo), subali’t talastas Niya (at papaanong hindi Niya mapag-aalaman) bago Niya likhain ang bawat tao kung paano niya gagamitin ang kanyang malayang kaisipan; kung ano, halimbawa ang kanyang magiging pagkilos kung ang Propeta ay nagbibigay paliwanang sa kanyang mensahe ng Allah. Ang ganitong kaalaman (bago pa dumating at maganap ang lahat) at ng pagtatala nito sa isang ‘Aklat’ ay tinatawag na ‘Qadar.’ Nguni’t kung tayo ay malaya upang gamitin ang ating kaisipan, (o kagustuhan), ang isang “Qadiyani” ay maaaring makapagsabi: “Maaari nating gamitin ito sa mga paraan na sumasalungat sa kagustuhan ng Allah, at sa gayong kalagayan, kami ay wala sa katumpakan sa pag-aangkin na ang lahat ay ninais at itinakda ng Allah. “Ang Qur’an ay nagbigay kasagutan sa ganitong katanungan sa pamamagitan ng pagpapaala-ala sa atin ng ang Allah ang Siyang nagnais at tayo’y marapat na maging masunurin, at Siya ang nagpapahintulot sa atin upang gamitin ang ating pag-iisip.”

“Katotohanan ito ay isang Tagapagpaala-ala sa sinumang nagnanais ng landas tungo sa Panginoon, datapuwa’t walang pangyayari, malibang pahintulutan ng Allah.” (Qur’an 76:29:30) Kung magkagayon ang sabi ng Gadiyani: “Siya ay makapangyayaring makapigil sa atin sa paggawa ng masama”. Tunay ngang maggawa Niya.

“Kung nanaisin ng Allah, magagawa Niyang madala silang lahat ng sama-sama sa patnubay at paniniwala; at kung ang inyong Panginoon ay magnais, ang sinuman sa mundong ito ay mananampalataya, silang lahat, ng sama-sama.” (Qur’an 10:99)

“Kung nanaisin ng Allah, sila ay di magiging mananampalataya ng diyus-diyusan, at hindi ka Namin ginawa (O Muhammad) upang magmatyag sa kanila o magkaroon ng pananagutan sa kanila.” Qur’an 7:07)

Subali’t ninais Niya na ang mga tao ay maging malaya lalo pa nga sa mga bagay ng pananalig at di pananalig.

“Sabihin: “Ang katotohanan ay mula sa inyong Panginoon, kaya hayaan ang sinuman ay manampalataya, at hayaan ang sinuman ay di manampalataya.” (Qur’an 18:29)

Subali’t ang tao ay di magiging malaya kung mangyari na ang sinuman sa kanila na magnais ng masama ay pipigilin ng Allah at nanaisin upang gumawa ng mabuti.

“Kung ang ating mga gawa ay ninanais ng Allah”, maaaring masabi ng iba; “Kung gayon, ang mga gawang ito sa katotohanan ay Kanyang mga gawa”. Ang ganitong pagbatikos ay batay sa kalituhan. Ang Allah ay nagnais na tayo ay magnais sa kaaisipan na tayo ay biniyayaan ng kagustuhan upang pumili at tayo’y makagawa upang ipatugpad ang gayong naisin, alalaong baga, nilikha Niya ang lahat upang magagawa natin ang ating ninanais. Hindi Niya ninais ito sa kaisipan na gawin ito, dahil kung magakagayon ay tumpak lamang na sabihin, na kung halimbawa tayo ay kumakain o umiinom o natutulog, ang Allah ay nagsagawa ng gayong mga gawain. Ang Allah ang lumikha roon, hindi Niya ginagawa o isinasagawa yaon. Ang isa pang pagtutol, na batay sa isa pang kalituhan, na kung ang Allah ay nagpahintulot sa atin upang gumawa ng kasamaan kung gayon, ito ay inaayunan Niya at nagugustuhan Niya. Nguni’t ang magnais sa isang bagay, sa kaisipan na magpahintulot sa isang tao upang gawin yaon ay isang bagay; at ang sumang-ayon sa kanyang gawa at papurihan yaon ay lubos na ibang bagay naman. Hindi ang lahat ng pinahihintulutan ng Allah ay Kanyang kagustuhan. Siya nga, gaya na nga ng ating nabasa sa Qur’an ay nagkaloob sa tao upang mamili sa paniniwala at di paniniwala, datapuwa’t hindi Niya ninais na ang tao ay di manampalataya (o mawalang pasasalamat).

“Kung ikaw ay walang loob ng pasasalamat, kung magkagayon, ang Allah ay di nangangailangan niyaon mula sa iyo. Datapuwa’t hindi Niya sinasang-ayunan na ang Kanyang tagapaglingkod ay mawalan ng loob ng pasasalamat, nguni’t kung ikaw ay may pagpapasalamat, sinasang-ayunan Niya yaon.” (Qur’an 39:7)

KAPASIYAHAN

Ito sa kabuuan ay mga pangunahing katotohanan kung saan and Propeta na si Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay nag-aanyaya sa kanyang pamayanan, ang pinakamahasay na katibayan – bukod pa sa nabanggit na paksa – ng pagiging makatotohanan nito, at siyang pinakamahalagang katotohanan para sa tao, gayon din sa kanyang panlabas na pag-uugali. Sa ating pagtalakay sa paniniwala sa Allah, atin ng ngang nabigyang diin ang ilan sa mga damdamin ng pakikitungo sa Kanya na naging dahilan ng pananalig sa Kanyang Paghahari at Kanyang mga Katangian ng pagiging ganap.

At sapagkat ang pakikitungo ng tao sa kanyang pakikipag-ugnay sa kanyang kapwa tao ay lubhang may kinalaman sa kanyang pakikitungo sa Allah, ang ganitong paniniwala sa Allah na may nagbubungang damdamin tungo sa Pinakabanal, ay nalalayon upang makapagtamo sa puso ng tao ng damdamin sa ibang tao na naangkop doon. At sapagkat ang panlabas na pag-uugali ng tao tungkol sa Allah at sa ibang tao ay natatamo sa pamamagitan ng kanyang tunay na mga paniniwala at damdamin tungo sa kanila, dito’y maaasahan lamang sa tunay na

relihiyon upang manawagan sa isang lipon ng pag-uugali na kapwa siyang katutubo na kalalabasan ng kanyang lipon ng pag-uugali at isang dahilan ng pagpapatatag sa kanila. Ang panloob na kalagayan kung saan si Muhammmad, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay nag-aanyaya sa mga tao ay tinatawag na 'Iman' (pananalig o paniniwala). Ang panlabas na pag-uugali na nababatay doon ay tinatawag ng Islam. Sa panahon ng kanyang pagtigil sa Makkah, siya ay nagbuhos ng maraming panahon sa una, ng hindi ganap na nagwawalang bahala sa pangalawa, na kanyang ipinaliwanag sa Madinah, nang ang unang pagsarili (independensiya) ng pamayanan doon ay itinatag. Maging sa Makkah, ang Propeta na si Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan, ay pinagtagubilanan ng Allah na anyayahan ang mga tao sa mga sunusunod na mga gawa ng pagsamba at aral na pag-uugali.

1. Na panatilihin nilang buhay ang pananampalataya at palakasin yaon. Ang mga Muslim ay pinagsabihan na bigkasin (dalitin) ang Qur'an at pag-aralan yaon ng maigi; na mapag-aralan nila yaon mula sa Propeta at bigkasin yaon ng malimit na kanilang magagawa; at lalo na sa mga piling pagdiriwang, sa mga takdang panalangin; at ang magsagawa ng panalangin sa paraang kung paano ito ipinakita ng Anghel Gabriel sa Propeta. Ang lahat ng ito ay 'Salat' (Panalangin) sa pinaka malawak ng kahulugan.

2. Bukod pa sa 'Salat' (Panalangin), ang paglilingkod sa Allah, dito'y dumaratal ang 'Zakat' (Kawang-gawa) na sa pinakamalawak na kahulugan ay nagtataglay ng anumang gawa ng paglilingkod sa ibang tao. Ang pagiging mabuti sa tao ay siyang bunga at samakatuwid ay siyang katibayan ng puno ng pananampalataya. Siya ay di nagsasabi ng katotohanan kung siya ay nakapipinsala sa tao bagama't siya ay nagsasabi na nananalig at umiibig sa Allah.

"Nakikita mo ba siya na tumatalikod sa kanyang relihiyon? Kung gayon, siya ang tumatanggi sa mga ulila; at walang malasakit na pakainin ang nangangailangan, kahabag-habag! ang mga mananampalataya na nakalilimot sa kanilang pagdalangin na nagnanais na mapagmasdan lamang ng tao (sa kanilang pagsamba), datapuwa't tumatangging magbigay kahit na ng maliit na pagkakawang-gawa." (Qur'an 107:1-7)

Ang unang tatlong talata ng Surah (Kabanata) ng ito ay ipinahayag sa Makkah at ang iba pa ay sa Madinah. Ang mga talatang ipinahayag sa Madinah ay nagpapahayag tungkol sa mga mapagkunwari na nagsasagawa ng panlabas na gawa ng pagsamba na hindi pinangagalingan ng matapat na pananalig. Subali't ang kanilang pag-uugali ang nagkaluno sa kanila sapagkat ito ay tulad ng mga nangangalandakan sa Makkah na di naman sumasampalataya.

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga halimbawa ng 'Zakat' (Kawang-gawa) na ipinangangaral ng Qur'an sa ganitong naunang panahon. Ang pagkakamal ng kayamanan para sa kanyang kapakanan ay katulad nito upang yaon ay makapagdagdag pa sa halaga ng nagkakamal noon ay mahipit na tinututulan. Ang pagkakamit ng kayamanan lamang ay walang ibinibigay na kabuluhan sa mata ng Allah. Ito ay hindi nagbibigay ng kahalagahan sa tao maging dito o sa kabilang buhay.

"Kahabag-habag ang sinumang nagkakalat ng kahihyan at naninirang puri. Na nagsisinop ng mga kayamanan sa mundong ito at nagsasalansan doon. Napag-aakala baga niya na ang kayamanan niya ay makapagbibigay sa kanya ng walang hanggang buhay?" (Qur'an 104:1-3)

"Sa pamamagitan ng walang iba liban sa Naglalagablab na Apoy na sumusunog ng buong-buo hanggang sa bungo ay tinatawagan ang lahat na tumatalikod at lumalayo sa kanilang pananampalataya at nagkakamal ng kayamanan at nagtatago nito upang di magagamit para sa Allah." (Qur'an 70:15-18)

Ang kayaman para sa pangsarili lamang ang isa sa mga bisyo ng mga tao na nangawala (nangaligaw) sa pamamagitan lamang ng uri ng pananampalataya at pagsasagawa na siyang ipinangaral ni Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan. (Qur'an 70:19-27)

Ang tao ay marapat makapagtamo ng kayamanan sa kadahilanan na ito ay ninanais niyang gamitin sa kanyang pangsariling pangangailangan, at sa pangangailangan ng iba. Ang Propeta ay nagpahayag sa atin na ang Tao ay nagsasabi: “Ang aking kayamanan! Ang aking kayamanan!” Mayroon pa ba kayang ibang kayamanan maliban sa inyong isinusuot na naluluma, sa inyong kinakain at nilulunok, at sa inyong ibinibigay bilang limos at sa iniimpok?” Ang kayamanan ay marapat na gugulin sa mga nangangailangan (lalung-lalo na sa mga magulang at kamag-anak), sa mga ulila at sa mga humihingi dahil sa kahirapan, sa pagpapalaya ng mga alipin, atbp. Ang mga sumusunod na talata ay isa sa mga unang-unang pahayag na ipinangaral ng Propeta.

“Kaya nga’t huwag apihin ang mga ulila, at huwag itaboy ang mga pulubi.” (Qur’an 93:9-10)
Ang isa sa mga katangian na siyang pag-uugali ng tunay na mananampalataya ay ang katangian ng pagbibigay sa nangangailangan at nagdarahop, bilang kanilang (ang mga pulubi) karapatan, sa bahagi ng kayang kayamanan. (Qur’an 70:24-25)

Mayroon sa gitna ng daan tungo sa tagumpay (at kaligtasan) sa kabilang buhay ng isang matarik na landas na mapangangahasan (maaaring gawin) lamang ng sinuman na nagsasagawa ng mga sumusunod na pag-uugali:

“Ang magpalaya sa isang alipin, at magpakain sa araw ng pagkagutom (at pananalanta) ng isang kaanak na ulila at iba pang sakmal ng pagdaralita”

“At maging kaanib sa sumasampalataya at naghahawak ng pagtitiyaga (sa pagiging laan at pagitimpi) at nagpapamalas ng mabuting gawa ng paglingap (at bukas na puso).” (Qur’an 90:13-17)

Bukod pa sa pagtulong sa kanyang kapwa tao sa ganitong paraan, siya rin ay marapat na maging matapat at may malinis na kalooban sa kanila na tumutupad sa kanyang mga pangako sa kanila (Qur’an 7:32-33). Siya ay hindi marapat na sumiil sa kanilang mga karapatgan lalung-lano na ng kanilang buhay (Qur’an 80:8-9), atg maging pino sa pag-uugali (at maging marangal). (Qur’an 70:20-30)

Ang maigsing sanaysay na ito ang mensahe na ipinahayag ni Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan, sa kanyang pamayanan sa boung (mundo).

MGA PINAGSIPIAN (BIBLIOGRAPHY)

Hadith (Jabir)

Sahi Muslim, Kitha Azuhd, ch. MCCXXVII, HADITH

Ang talatang ito (Qur’an 17:70) ay ibinigay (ng ilan) bilang isang katibayan ng pagiging katotohanan na ang lahi ng tao ay higit na mainam kaysa sa lahi ng Anghel. Ibn Kathir-mula sa kanyang “tafsir’ ng Qur’an al-Azim.